



Buong Teksto

ANG GININTUÁNG GANSA

Disidido ang Ginintuáng Gansang magbigay ng isa sa kanyang mga gintong balahibo kada araw, upang tulungan ang isang ina at ang kanyang pamilyang nangangailangan. Ngunit isang araw lumabas ang kasakiman ng nasabing ina. Ano kaya ang gagawin ng inang ito kay Ginintuáng Gansa?

Mga Kwentong Jataka: sari-saring salaysay mula sa buhay ni Buddha, inihahandog sa inyo ng Areté at ng Embahada ng India, kaakibat ng Loyola Schools Kagawaran ng Filipino. “Ang Ginintuáng Gansa” isinalin sa Filipino ni

Michael M. Coroza, PhD at babasahin satin ni Anna Trisha Monica O. Abeleda.

Noong unang panahon, may isang bukás-pálad na gansa na may mga kaakit-akit na balahibong ginintuán. Nananahan ito sa isang lawa-lawaan na may tubig na malinaw. Sa dikalayuan, may nakatirang isang maralitang babae. May dalawang anak itong babae, at sa kabila ng maghaponng masigasig na pagtatrabaho, wala itong sapat na naiipong salapi para sa kaniyang pamilya. Nasasaksihan ng gansa ang hirap ng pamumuhay ng babae at ng dalawang anak nito. Kayâ, isang araw, sinabi ng gansa sa sarili, “Kapag binigyan ko ang maralitang babaeng iyon ng isa sa mga ginintuáng balahibo ko araw-araw, maibebenta niya ito at makapamumuhay sila nang maalwan ng kaniyang mga anak. Isang marangal na gawain ang pagtulong sa nangangailangan, kayâ dapat ko silang tulungan sa paglutas ng kanilang problema.”

Kinabukasan, sinadya ng gansa ang babaeng maralita. Nang matanaw ang gansa, nagwika ang babae, “Bakit ka naparito? Wala kaming maibibigay sa iyo.”

Tugon ng gansa. “Ngunit, may ibibigay ako sa iyo. Tingnan mo ang aking mga balahibo, hindi ako pangkaraniwang gansa. Bibigyan kita ng isang ginintuáng balahibo ko araw-araw. Kapag ibinenta mo ito sa pamilihan, kikita ka nang malaki at makapagsisimula na kayong mamuhay nang maalwan ng iyong mga anak.”

Walang pagsidlan ang kaligayahan ng babae, at naisip niyang isang anghel na ipinadala ng

mga diwata sa kalangitan ang gansa. Mula noon, araw-araw na ngang binibigyan ng gansa ang babae at ang mga anak nito ng isa sa kaniyang mga balahibo. Ibinebenta ng babae ang mga kaakit-akit na balahibo, at nakalilikom siya ng sapat na salapi upang mapanatiling maalwan ang pamumuhay nilang mag-iina.

Isang araw, napangibabawan ng kasakiman ang babae, at sinabi nito sa kaniyang mga anak, “Hindi tayo dapat basta na lámang magtiwala sa gansang iyon. Paano kung isang araw ay lumipad na lámang papalayô at hindi na magbalik? Muli tayong maghihirap. Bunútin na nating lahat ang kaniyang mga balahibo sa susunod na pagdalaw niya.”

Sinabi ng mga anak: “Nay! Masasaktan ang Gansa. Hindi namin magagawa iyan.” Ngunit, gahaman ang ina. Nang muling magbalik ang Ginintuáng Gansa, hinawakan niya ito ng magkabilang-kamay at binúnot niyang lahat ang balahibo nito.

Pagkabunot na pagkabunot ng mga balahibo sa katawan ng gansa, himalang naging puti ang mga ito na parang kagaya lámang ng karaniwang balahibo. Napahiyaw sa labis na hinagpis ang gansa, “Hangal na babae! Tingnan mo ang ginawa mo! Kapag binúnot ang balahibo ng gansa nang labag sa kaniyang kagustuhan, nagiging puti ang balahibo at nawawalan ng kabuluhan.” Labis na ikinahiya ng sakim na babae ang kaniyang ginawa, at pinagsisihan niya ito. Makalipas ang ilang panahon, tumubong muli ang mga balahibo ng gansa. Nang magkagayon, lumipad ito patúngo sa malayong lupain, at hindi na nagbalik kailanman.

Mga Kasalukuyang Kwento sa Serye

Ang Haring Matsing	Ang Nagbabanal-banalan
Ang Nagsasayaw na Paboreal	Ang mga Prinsipe at ang Engkanto ng Tubig
Ang Madaldal na Pagong	Ang Batang Babaeng Unggoy at ang Kuwintas na Perlas
Ang mga Nakakita sa Punòng Judas	Ang Puso ng Matsing
Ang Jackal na Nagligtas sa Leon	Ang Ginintuáng Gansa
Ang mga Lawin at ang kanilang mga Kaibigan	‘Uling’ ni Impo

Abangan ang iba pang kwento sa seryeng podcast na ito.

PAGKILALA

Areté

Estelle Marie M. Ladrido, PhD
Ricardo G Abad, PhD

Executive Producers

D Cortezano	<i>Producer</i>
John Robert Yam	<i>Overall Sound Designer</i>
Harold André Santos	<i>Theme Music Composer</i>
John Robert Yam Nilo Beriarmente	<i>Sound Engineers</i>
Senanda Gomez	<i>Talent Coordinator and Production Associate</i>
Jethro Nibaten Adriane Ungriano Duane Ligot Rey Sotto Justine Ray Santos	<i>Sound Design and Technical Team</i>
Noriel Mendoza Vanessa Reventar	<i>Logistical Support</i>
Fran Alvarez	<i>Illustrator</i>
Lazir Caluya Vanessa Reventar	<i>Brand Developers</i>
Dreamlist Digital	<i>Web developers</i>

Embassy of India in Manila, Philippines

Shambhu S. Kumaran	<i>Ambassador of India to the Philippines</i>
Vishwanjali M Gaikwad	<i>Second Secretary (Press, Information, and Culture)</i>
Michael James Mangaring	<i>Assistant</i>

Ateneo de Manila University Loyola Schools

Kagawaran ng Filipino

Michael M Coroza, PhD Mark Benedict F Lim Claudette M Ulit, PhD	<i>Translators</i>
Michael M Coroza, PhD	<i>Translation Editor</i>

Anna Trisha Monica O Abeleda

Readers

Ariel A Diccion

Jomar I Empaynado

Carlota B Francisco

John Carlo S Gloria

Sharmaine V Hernandez

Yolando B Jamendang, Jr

Glenda C Oris

Jerry C Respeto, PhD

Corazon L Santos, PhD

Jethro Niño P Tenorio

Andrea Anne I Trinidad